


# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 5: Pagpapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksiyon sa Isang Napakinggang Balita, Isyu o Usapan



**Filipino – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagpapahayag ng Opinyon o Reaksiyon sa Isang  
Napakingsang Balita, Isyu o Usapan  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Arlene R. Domingo

**Editor:** Virginia C. Dulfo, Cresente A. Beato, Henry T. Jarina, Ellen Duka-Tatel ,  
Aiene m. Molina

**Tagasuri:** Lorie Emmanuel B. Arago, Aurora B. Amboy, Luh C. Dacuyan

**Tagaguhit:** Michael Q. Balan

**Tagalapat:** Michael Q. Balan, Kevin Jhod C. Claro, Swelyn E. Forro

**Tagapamahala:**

Ramir B. Uytico

Bernardo A. Adina

Arnulfo M. Balane

Gaudencio C. Albije Jr.

Rosemarie M. Guino

Lea C. Aberia

Teodorico C. Peliño Jr.

Virginia C. Dulfo

Joy B. Bihag

Ma. Teresa B. Afable

Ryan R. Tiu

Shirley B. Bacal

Dandy G. Acuin

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# **Filipino**

**Unang Markahan – Modyul 5:  
Pagpapahayag ng Sariling  
Opinyon o Reaksiyon sa Isang  
Napakinggang Balita, Isyu o  
Usapan**

## **Paunang Salita**

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin



Kumusta ka kaibigan?

Naritong muli ang iyong kaibigang si Kokoy na handang gumabay sa iyong pag-aaral. Tiyak kong magiging kapana-panabik ang iyong paglalakbay dahil sa mga gawaing inihanda ko para sa iyo.

Inaasahan ko na pagkatapos ng ating paglalakbay ay magagawa mo ang mga sumusunod:

1. naipahahayag mo ang sariling opinyon o reaksiyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan;

2. nagagamit ang iba't ibang pahayag na karaniwang ginagamit sa pagpapahayag ng sariling opinyon o reaksiyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan; at

3. napahahalagahan ang pagbibigay ng sariling opinyon o reaksiyon sa napakinggang balita, isyu o usapan.



Handa ka na ba?  
Tara, umpisahan na natin!




## Subukin

Bago mo simulan ang panibagong aralin, tingnan muna ang mga larawan sa ibaba. Sikapin mong sagutan ang mga katanungan upang malaman ang lawak ng iyong mga natutunan.




Gamit ang mga pananda, kumpletuhin mo ang sumusunod na mga pahayag at isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



Iginuhit ni: Kevin Jhod C. Claro, DepEd Borongan City Division

1. Para sa akin, \_\_\_\_\_




Iginuhit ni: Kevin Jhod C. Claro, DepEd Borongan City Division

2. Sa aking palagay, \_\_\_\_\_



Iginuhit ni: Kevin Jhod C. Claro, DepEd Borongan City Division

3. Naniniwala po akong \_\_\_\_\_



Iginuhit ni: Kevin Jhod C. Claro, DepEd Borongan City Division

3. Hindi ako sang-ayon \_\_\_\_\_



Magaling kaibigan! Naisagawa mo kaagad ang unang gawain.

Ngayon ay maaari mo nang simulan ang panibagong aralin.

## Aralin

# 1

## Pagpapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksiyon sa Isang Napakinggang Balita, Isyu o Usapan



### **Balikan**



Alam mo ba? Sa kabila ng kinakaharap na modernisasyon, may ilan pa rin sa ating kapwa Pilipino ang naniniwala sa mga pamahiing nagmula pa sa ating mga ninuno. Madalas nating marinig sa ating mga magulang ang pagpapaalala o di kaya'y pagkagalit sa tuwing hindi natin nasusunod ang nasabing pamahiin.

Kaya, hindi maiiwasang nakapagbibigay tayo ng ating mga saloobin at opinyon na maaaring pagsang-ayon o pagtutol sa narinig o sinabi ng ibang tao.

Mababasa mo sa ibaba ang ilan sa mga pamahiin nating mga Pilipino. Ano kaya ang magiging reaksiyon mo tungkol sa mga ito.

Tara!

Basahin at unawaing mabuti ang bawat pamahiin. Ibigay ang iyong opinyon o reaksiyon tungkol dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Para maging matalino ang isang tao, kailangang may libro na ginagawang unan.
2. May paparating na biyaya o pera sa iyo kapag may umaaligid na kayumangging paruparo.
3. Kapag may nakasalubong na pusang itim sa daan, huwag nang magbalak pang tumuloy sa patutunguhan upang hindi mapahamak o mamatay.

4. Bawal magpakuha ng larawan ang tatlo dahil sinasabing mamamatay ang nasa gitna.

5. Sinasabing malas ang numero trese o *Friday the 13<sup>th</sup>*.



## **Tuklasin**



Magaling! Nagawa mong ibigay ang iyong saloobin o reaksiyon sa mga pamahiing ipinakita.

Sa bahaging ito ng iyong paglalakbay, ay muling masusubok ang iyong kakayahan sa pagpapahayag ng sariling saloobin sa mga isyu o balitang napakinggan.

Sa puntong ito nais kong tawagin mo ang iyong magulang o kapatid at ipabasa ang kasunod na teksto. Makinig ka nang mabuti at pagkatapos ay ibigay mo ang iyong reaksiyon tungkol sa ilang pahayag mula rito.

Gawin mong gabay sa pagsagot ang talahanayan.



Pakinggan ang teksto sa ibaba:

### **Labanan ang Polusyon**

Malaking isyu ngayon ang pagkasira ng kapaligiran dahil sa lumulubhang polusyon sa lupa, tubig at hangin. Malulutas ang suliraning ito kung makikipagtulungan ang bawat tao. May mga batas na dapat sundin at may mga kautusang ipinatutupad ang ating pamahalaan. Magiging malinis ang paligid kung gagawin ng bawat isa ang kanilang tungkulin. Tayo ang dapat mangalaga na likas na kayamanan. Ang pag-unlad ng bayan ay sa atin nakasalalay.

*Pinagkunan: DepEd LR Portal. Sugnay/Pagbibigay-Solusyon sa mga Suliranin/Pagsulat ng Reaksiyon. Retrieved at <https://lrmds.deped.gov.ph/pdf-view/6876>*

Bigyang pansin ang mga pahayag sa unang kolum na kinuha mula sa teksto. Basahin at suriin ito nang mabuti. Sa ikalawang kolum naman, isulat ang inyong reaksion o opinyon tungkol dito.

<b>Mga pahayag mula sa teksto</b>	<b>Ang aking reaksyon o opinyon tungkol dito</b>
1. Pagkasira ng kapaligiran dahil sa lumulubhang polusyon sa lupa, tubig at hangin.	
2. Mga batas at kautusan na ipinatutupad ng pamahalaan na dapat nating sundin.	
3. Paghahanap ng solusyon ng gobyerno para malabanan ang polusyon.	



Wow! Ang galing mo naman kaibigan. Kayangkaya mo nang magbigay ng iyong sariling opinyon at reaksyon tungkol sa mga napapanahong isyu at balita.



## ***Suriin***



Sa pagpapatuloy ng ating paglalakbay, ay alamin natin ang mga panandang ginagamit upang maipahayag ang sariling opinyon o reaksiyon sa isyu o balitang napakinggan.

Halika at ating alamin sa kasunod na talakayan.

Ang pagbibigay-reaksiyon ay isang mabuting kasanayan dahil naipahahayag natin ang sariling saloobin, opinyon o pananaw hinggil sa mga kaisipang inilahad.

Ito ay maaaring maipahayag sa pamamagitan ng pagsang-ayon o pagsalungat sa kaisipan ng nagsasalita o kausap. Sikapin lamang na maging magalang upang maiwasan ang makasakit ng damdamin ng kapwa.

Kapag sumasang-ayon maaaring gamitin ang mga sumusunod:

Sumasang-ayon ako...

Magaling ang iyong ideya o naiisip...

Kapag magpapakita ng pagsalungat, narito ang ilan sa maaaring gamitin:

Tutol ako sa sinabi...

Hindi ako pabor...

Nais ko lamang magbigay ng puna...

Kapag magbibigay ng sariling opinyon, maaaring gamitin ang mga sumusunod:

Payag ako, pero sa palagay ko ay dapat...

Kung ako ang tatanungin ...

Sa aking pakiwari....

Naniniwala akong....

Sa tingin ko...



## Pagyamanin



Magaling kaibigan!  
Batid kong mayroon kang  
natutunan sa ating talakayan.  
Upang mailapat mo ang iyong  
natutunan, maaari mo nang  
umpisahan ang susunod na  
Gawain.

Basahin ang balita na nasa kahon.

### **Bike Ordinance sa Silangang Samar, aprubado ng lokal na pamahalaan**

Dahil sa paglilimita ng pampublikong sasakyan ngayong panahon ng pandemya, pagbibisekleta ang nakitang alternatibong transportasyon ng taumbayan.

Kaugnay nito, pormal na kinilala ng lokal na pamahalaan ng Silangang Samar ang kauna-unahang naipasa at naaprubahang Bike Ordinance sa Pilipinas na pinangunahan ni Bise-Gobernador Maricar Sison-Gotelesan.

Nakasaad din sa ordinansa ang layuning maipakilala ang karapatan sa kalusugan ng mga tao sa paggamit nito.

“Maliban sa pagsunod sa itinakdang *health protocols* ng Kagawaran ng Kalusugan, isinasaalang-alang din po ng lalawigan ang usaping-pangkalusugan ng ating nasasakupan,” pahayag ng bise-gobernador.

“Magsisilbing proteksyon din ito sa paggamit sa daan kasabay ng iba pang mga biyahero,” dagdag ni Atty. Byron M. Suyot, may-akda ng nasabing batas.

Ayon sa Provincial Tourism Officer ng Silangang Samar na si G. Neil Pinarok, ito ay isang mabisang paraan upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.

- Gesille G. Grande, DepEd Borongan City Division

Suriing mabuti ang mga katanungan sa ibaba. Gamitin ang mga pananda o pahayag sa pagbibigay-reaksiyon o opinyon sa inyong mga sagot.

1. Ano ang nakitang alternatibong transportasyon ng mga tao ngayong panahon ng pandemya? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
2. Sa paanong paraan ipinakita ng lokal na pamahalaan ng Silangang Samar ang kanilang suporta sa mga taong nag-udyok na gamitin ang pagbibisekleta bilang alternatibong transportasyon? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
3. Ayon sa binasang balita, bakit mahalaga ang pagbibisekleta? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
4. Paano mo maipapakita ang iyong suporta sa Bike Ordinance ng Silangang Samar? Patunayan ang sagot. \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_



### **Isaisip**



Binabati kita kaibigan. Batid kong marami ka ng kaalaman tungkol sa wastong pagpapahayag ng iyong reaksiyon o opinyon sa napakinggang isyu at balita.

Kaya naman sa bahaging ito ay inaasahang kong magagawa mo ang susunod na gawaing inihanda para sa iyo.

Dugtungan Tayo! Sinimulan ko na ang mga pahayag sa bawat bilang. Dugtungan mo ito ayon sa hinihingi ng pahayag. Simulan mo na!

1. Sa pagbibigay ng reaksiyon o opinyon, mahalagang gumamit ng mga pahayag na \_\_\_\_\_.
2. Mahalaga ang pagiging magalang sa pagbibigay ng reaksiyon o opinyon upang \_\_\_\_\_.
3. Mahalagang pag-isipan ko nang mabuti ang aking reaksiyon o opinyon sa anumang isyu upang \_\_\_\_\_.

Tumpak! Magaling kaibigan. Napatunayan mo sa iyong sarili na kayang-kaya mo ang mga gawaing inihanda para sa 'yo.



## **Isagawa**



Ang aking pagbati kaibigan! Alam kong malalim na ang iyong kaalaman tungkol sa pagpapahayag ng opinyon o reaksiyon. Sa puntong ito ay susubukin nating mas palawakin ang kaalaman mo tungkol sa paksa. Tara!

Isang maikling talata ang pakikitingan mo sa bahaging ito ng iyong paglalakbay. Tutulungan ka nito upang higit pang mapalalim ang iyong kaalaman sa pagbibigay ng reaksiyon.

Maaaring ipabasa ito sa iyong magulang, ate o kuya.

### **Drogang Kumikitil sa Kinabukasan**

Amy S. Bretania

Droga ang takbuhan ng isang taong may sakit. Pinagagaling nito, anuman ang nagpapahirap sa iyo.

Ang hindi tamang paggamit nito ay nakababahala sa kalusugan na unti-unting kumikitil sa isipan at kaluluwa ng mga taong walang kahihinatnan ang buhay.

Ang paggamit nang sobra nito ay maaaring makasira ng kinabukasan, isipan at kalusugan ng mga inosenteng bata maging man sa mga nasa hustong pag-iisip na. Pampalimot daw ng problema. Ito ay maling akala, sapagkat hindi nila alam, ito ay nakamamatay.

Maraming bata ang nalulong sa masamang bisyo dahil sa kapabayaang ng mga magulang, pang-aabuso ng sariling ama, sobrang pagprotekta ng mga magulang, mga masasamang impluwesya ng barkada o di kaya'y kakulangan ng oras mula sa pamilya.

Ang paggamit ng droga ay isang pagkakamaling gawain na sumisira sa kinabukasan. Ito ay malulutas lamang kung binigyang pansin ng mga magulang ang kanilang responsibilidad. Sa oras na kakailanganin sila ng kanilang mga anak, nandiyan at nakaagapay dapat sila sa hirap at ginhawa.

Kung tutuusin hindi materyal na bagay ang mahalaga, kundi ang pag-aaruga at pagmamahal ng mga magulang na siyang susi sa kaligayahan at pagkakabuo ng pamilya. Tunay na ang kaginhawaan at kaunlaran ng bawat isa ay matatamo kung bibigyan pansin ng magulang ang kanilang responsibilidad sa kanilang mga anak. Hindi na sana ito hahantong sa karahasan, pagkitil ng buhay at kasawian.

*Pinagkunan:* Amy S. Bretania. **Pagsulat ng Reaksiyon/Opinyon sa Napapanahong Isyu.**  
DepEd LR Portal. <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/17680>

Isulat mo ang iyong reaksiyon o opinyon sa sumusunod na mga katanungan. Gamitin ang pananda na ginagamit sa pagbibigay-reaksyon.

1. Ano ang nabanggit na problema na nakakaalarma sa napakinggang teksto?

---

2. Sa palagay mo, bakit ba naligaw ng landas ang mga bata?

---

3. Masasabi mo ba na malulutas pa ang problema ng mga anak? ng mga magulang? Magbigay ng pahayag.

---

4. Paano mapahahalagahan ang kapakanan ng mga anak para matamo ang magandang kinabukasan?

---



## **Tayahin**



Magaling kaibigan. Malapit nang matapos ang iyong paglalakbay. Ngayon pa lamang ay binabati na kita.

Sa puntong ito ay susukatin natin ang lahat ng iyong natutunan sa ating paglalakbay. Kaya, simulan mo na.

Tawaging muli ang iyong magulang o kapatid at ipabasa ang susunod na ulat. Makinig nang mabuti at unawain ang ulat tungkol sa ating mga ninuno.

### **Ang Ating mga Ninuno**

May tatlong pangkat ng tao ang dumating sa Pilipinas: ang mga Negrito, ang mga Indones at ang mga Malayo. Sila ang maituturing na mga naunang nanirahan sa Pilipinas. Ang mga Negrito ang naunang pangkat ng tao na namalagi rito sa ating kapuluan. Nakarating sila dito sa pamamagitan ng pagdaan sa mga lupang tulay. Sila ay maliliit, maiitim, sarat ang ilong, makapal ang labi at kulot ang buhok. Nabuhay sila sa pangangaso, panghuhuli ng isda at pagsasaka. Sumunod na dumating ang mga Indones na nahati sa dalawang pangkat. Ang unang pangkat ay nakarating mula sa Timog-Silangang Asya.

*Pinagkunan: DepEd Regional Office VIII Test Item Bank*



Sa bahaging ito ay ibibigay mo ang iyong opinyon o reaksiyon sa ilang mga pahayag mula sa iyong napakinggan. Gamitin ang angkop na mga salita o pananda sa pagbibigay ng reaksiyon o opinyon.

1. Mahalagang alamin ang pinagmulan

2. Malaki ang impluwensiya ng mga dayuhan sa pamumuhay ng mga Pilipino.

3. Iba't ibang pangkat ng tao ang

4. Dapat lamang na ipagmalaki ang



## **Karagdagang Gawain**



Magaling kaibigan! Naramdaman ko ang determinasyong ipinakita mo sa pagsagot sa lahat ng mga gawaing nakaatang para sa iyo.

Ito na ang huling gawain na inihanda para sa iyo.

Mamili ng isang isyu o balita mula sa radyo o telebisyon. Gamit ang mga salita o pananda sa pagpapahayag ng opinyon o reaksiyon, sumulat ng isang talata na may 5 pangungusap tungkol dito.

Binabati kita kaibigan. Napagtagumpayan mo ang lahat ng mga gawain sa modyul na ito. Nawa'y lahat ng iyong natutuhan ay naiwan sa iyong isipan. Hanggang sa muli, ito si Kokoy, ang iyong kaagapay sa pag-aaral.



## ***Susi sa Pagwawasto***

<b>Subukin:</b> Inaasahan ang magkakalibang mga sagot
<b>Balikan:</b> Inaasahan ang magkakalibang mga sagot
<b>Tuklasin:</b> Inaasahan ang magkakalibang mga sagot
<b>Pagymainin:</b> <ol style="list-style-type: none"><li>1. House Bill 1210 o Green Parks Act of 2004.</li><li>2. Ang batas na ito ay naglalayong magtatag ng mga green parks sa lahat ng mga subdivisyon sa bansa para sa proteksiyon ng kapaligiran.</li><li>3. Ang programang pabahay ng gobyerno ay dapat na bagayan ng malinis na kapaligiran.</li><li>4. Ang mga homeowners na magtatayo ng green parks sa kanilang subdivisyon ay makakakuha ng libreng buto at halamang itanim. Maglalaan din ng libreng gamit at artesian wells o poso.</li><li>5. Ang panukalang ito ay magbibigay ng proteksyon at mangangalaga ng ating mga puno at halaman.</li></ol>
<b>Isagawa:</b> Inaasahan ang magkakalibang mga sagot
<b>Tayahin</b> Inaasahan ang magkakalibang mga sagot

## **Sanggunian**

DepEd LR Portal. Filipino 4: *Ikalawang Markahan-Ikalawang Linggo, Unang Araw, Pagsulat ng Reaksiyon/Opinyon sa Napapanahong Isyu-Aktibi Sheet*. Retrieved at <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/17680>.

DepEd LR Portal. *Sugnay/Pagbibigay-Solusyon sa mga Suliranin/Pagsulat ng Reaksiyon*. Retrieved at <https://lrmds.deped.gov.ph/pdf-view/6876>

DepEd Eastern Visayas Test Item Bank in Filipino 5 (Ikalawang Markahan).

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)